


TINGIN SA PELIKULANG BAKBAK

FIL
PN
1995.9
V5
S24



Á

UNANG PAGTINGIN SA PELIKULANG BAKBAKAN

Tatlong Sanaysay
nina

- DR. ZEUS SALAZAR, Ph.D.
- DR. PROSPERO COVAR, Ph.D.
- MR. AGUSTIN SOTTO



UP EDUCATION



ED021735



Ed-29198

Fil

PN

1995.9

V5

S24

Inilathala sa Maynila, Pilipinas
1989

Sa Taon ng Ahas

Aringtunay c 1989 ng

Sentrong Pangkultura ng Pilipinas

**Lubos na sinasagutan at pinangangalagaan
ng Museo ng Kalinangang Pilipino**

ang karapatan sa paglalathala ng aklat na ito.

Walang bahagi nito, liban sa

maiikling sipi para sa pagsusuri

ang maaaring gamitin

ng walang nakasulat na pahintulot ng naglathala

Museo ng Kalinangang Pilipino, 1989

Disenyo ng Pabalat

Ige Ramos at Teddy Galang

A

Alay sa mga manonood ng Pelikulang Bakbakan

"Kapag Puno na ang Salop" at "Kapag Lumaban ang Api" ay lilipad ang "Aguila ng Maynila" patungong "Sierra Madre" at maghahari ang katibayan ng loob ng bawa't mapagpakumbaba't nagtitimping Pilipinong naghahangad ng katarungan tulad ng batang Quiapo na si "Geron Busabos" at ng taxi driver na nagngangalang "Joe Nazareno" Kasabay nito ang umuugong na daing nina "Pepeng Agimat", "Kapitan Eddie Set", "Nardong Putik", at pati na rin ang huling tinig ni "Baby Ama" na patuloy na aalingawngaw sa budhi ng bawat naapi.

PASASALAMAT

Lubos na nagpapasalamat ang MUSEO NG KALINANGANG PILIPINO
sa mga sumusunod para sa kanilang tulong.

Sen. Joseph Estrada
Fernando Poe, Jr.
Ramon Revilla

Zeus Salazar, Ph.d
Prospero Covar, Ph.d
Ms. Marian P. Roces
Ms. Glenna G. Aquino
Ms. Lyn Pareja
Mr. Bodjie Tablan
Ms. Alvina Sy
Mr. and Mrs. Manny Eres

San Miguel Beer

Ms. Susan Tagle
Mr. Martin Guererro
Mr. Ben Yalung
Mrs. Emilia Blas
Ms. Tessie Cruz
Mr. Boy Abadisco
Ms. Julie Salcedo
Viva Films
Imus Films
Aras Film Productions
Lea Productions
FPJ Productions

INTRODUKSYON

Alvina Eileen O. Sy

Ang kalinangan ay kaluluwa ng isang bayan na bumabalot sa pambansa at pandaigdig na pananaw ng isang lahi. Masasabing isa sa mga sining na bumubuo sa kulturang Pilipino ang pelikula. Sa katunayan, kilala ang Pilipino bilang isa sa mga pinakamasugid na tagapagsubaybay at tagapagtangkilik ng pelikula sa buong daigdig. Ayon sa pananaliksik ni Agustin Sotto, mahigit kumulang sa 150 pelikulang Pilipino ang ipinalalabas sa Pilipinas bawat taon. Dahil dito, maaaring banggitin na walang Pilipino ang hindi nakakikilala halimbawa kina Nora Aunor at Vilma Santos sa larangan ng drama, kay Dolphy bilang hari ng komedi, o di kaya kina Fernando Poe Jr., Joseph Estrada, ang mag-amanang Ramon at Bong Revilla, Rudy Fernandez, Lito Lapid, at Anthony Alonzo bilang mga pangunahing nagsisiganap sa pelikulang bakbakan.

Sa aming palagay, malaki ang kaugnayan ng pelikula sa lipunan. Kabilang dito ay ang hugis ng pag-iisip ng Pilipino na mamamalas sa kanyang mga hinanaing at adhikain, ang pangkalahatang halagahing panlipunan (social values), ang mga institusyong panlipunan, at iba pa.

Ano-ano ba ang mga katangian ng isang tagapagligtas ng mga naaapi o di kaya ng isang tinaguriang rebelde? Ano naman ang kaugnayan ng mga institusyon sa pag-usbong o di kaya sa paghulma ng mga ito? Higit sa lahat, ano ang iba't ibang katotohanang inilalarawan ng mga pelikulang bakbakan ukol sa ating lipunan?

Sa sanaysay ni Dr. Zeus Salazar, "Ang Kulturang Pilipino sa harap ng mga Institusyong Panlipunan sa Pelikulang Bakbakan," ang pelikulang bakbakan ay maihahati sa tatlong prinsipal na kategorya: ang pangnayon, ang lubusang panlunsod, at ang panlunsod subalit may ilang pagkakaugnay sa nayon o probinsya. Mababatid dito ang tensyon na namamagitan sa mga institusyong panlipunan, sa isang dako, at ng kalinangang Pilipino, sa kabilang dako, na umusbong kadalasan sa tunggalian ng bida at ng kontrabida. Bukod sa pagtatalakay ni Dr. Salazar sa kapaligirang ginagalawan ng tao na binubuo ng iba't ibang grupong panlipunan tulad ng mag-anak, angkan, barkada, gang, at bayan, ay binanggit din niya ang papel at bisa ng institusyon tulad ng edukasyon, relihiyon, at iba pa para sa mga tauhan ng pelikulang bakbakan. Inilalarawan din dito ang magkaibang pagkatao at paninindigan ng bida sa kontrabida, kung saan ang una ay kumakatawan sa mga maliliit na tao at sa kulturang katutubo o ng nararapat, at ang pangalawa naman ay kumakatawan sa mga malalaking tao at sa mga institusyong panlipunan o sa walang lubay na umiiral sa kasalukuyan sa ating lipunan.

"Isang modernong tradisyong epiko ang pelikulang bakbakan," ang isinasaad ng konklusyon ng sanaysay ni Dr. Salazar, na ayon sa kanya, ay dahilan ng lubusang pagtangkilik dito ng masa.

A

Ang ikalawang sanaysay "Paniniwala, Pananampalataya at Panindigan sa Pelikulang Bakbakan" ay mula kay Dr. Prospero Covar. Dito ay hinati rin ang pelikulang bakbakan sa tatlong kategorya: ang talambuhay, ang teritoryal, at ang kawikaan. Ang talambuhay ay maaaring may kinalaman sa pag-aalaga ng agimat, nauukol sa estado sa lipunan o di kaya'y sa paggamit ng tunay na pangalan at apelyido. Ang teritoryal namang uri ng pelikulang bakbakan ay naaayon sa kapaligirang ginagalawan ng pelikula at ang huling kategorya, ang kawikaan, ay hinggil sa paggamit ng talinhaga o salawikain.

Kabilang din sa nilalaman ng sanaysay ni Dr. Covar ang buod ng mga sumusunod na pelikula na siyang naging ilan sa mga batayan ng kanyang isinagawang pagsusuri sa pelikulang bakbakan tulad ng Pepeng Agimat, Pepeng Kuryente, Geron Busabos, Florencio Dino, Vigilante, Kapag Puno na ang Salop, Iyo ang Batas, Akin ang Katarungan, at Sa Dibdib ng Sierra Madre.

Bilang paglalagom ay winika ni Dr. Covar na "ang pelikulang bakbakan kaya dinudumog ng tao ay dahilan sa salamin ng buhay na tahasang inilalarawan ng mga ito," na kung saan ang sugapaang nagaganap ay pumapaimbulog sa tatlong malalakas na puwersa ng lipunan: ang mamamayan, ang pamahalaan, at ang underground.

Pangkalahatang pananaw ukol sa iba't ibang panig ng pelikulang bakbakan ang ipinamamahagi ng panghuling sanaysay na sinulat ni Agustin Sotto. Binanggit ng "Christ Figures in a Troubled Land" ang mga sumusunod: ang iba't ibang katayuang panlipunan at pangkabuhayan ng manonood ng pelikulang Pilipino at ang uri ng pelikulang tinatangkilik ng mga ito, ang kahulugan at kasaysayan ng pelikulang bakbakan, ang mga pangunahing artistang nagsisiganap dito at ang kani-kanilang mga papel na kadalasang ginagampanan, ang mga katangian ng pelikulang bakbakan at ng mga bayani nito, at ang bahaging ginagampanan ng babae at ng mga institusyong panlipunan.

Ayon kay Agustin Sotto, nakalulungkot ang pagkakaiba ng pag-iisip at paraan ng pananaw na umiiral sa mga Pilipino. Dahil dito, kinakailangang maunawaan natin nang lubos ang ating katutubong kalinangan sapagkat dito nakasalalay ang pagtuklas sa ugat ng ating pagkatao bilang Pilipino na siya namang magpapatupad sa ating adhikaing magkaroon ng manonood na Pilipinong may iisang pag-iisip at halagahing panlipunan.

Kumakatawan sa antropolohiyang pananaw ang mga sanaysay na isinulat nina Dr. Zeus Salazar at Dr. Prospero Covar, gayong ang huling sanaysay naman ni Agustin Sotto ay mula sa pananaw ng isang kritiko o manunuri ng pelikula.

Sa pamamagitan ng tatlong sanaysay na ito ay umaasa kaming magpapatuloy ang pagtangkilik ng nakararami sa pelikulang Pilipino, hindi lamang sa bakbakan, kundi pati na rin sa romansa o drama, komedi at fantasi, at sa mga "seryosong" pelikula na

A

naglalarawan sa katutubong kalinangan ng Pilipino. Higit sa lahat, nais din namin na sa pamamagitan nitong munting pag-aaral na isinagawa namin ay makapagdulot kami sa lahat ng panibago at sariwang pagkawili di lamang sa panood ng pelikulang Pilipino kundi pati na rin sa pag-aaral at pananaliksik ukol dito sa hinaharap.

Ang Kulturang Pilipino
sa harap ng mga Institusyong Panlipunan sa
Pelikulang Bakbakan
ni

Dr. Zeus A. Salazar

Ang pelikulang bakbakan ay isang uri ng sine na kung saan sentral ang suntukan, bugbugan at barilan sa pagpapagalaw at pagpapanatili ng interes sa salaysay. Sinusuri sa sanaysay na ito ang labing-apat (14) na pelikulang bakbakan. Mahahati sa tatlong prinsipal na kategorya ang mga pelikulang inaanalisa rito: ① pangnayon; ② lubusang panlunsod; at ③ panlunsod subalit may ilang pagkakaugnay sa nayon o probinsya. Ito ay sang-ayon sa lugar na ginagalawan ng istorya at pag-uugali na rin ng mga tao.

Mabibilang sa unang grupo ang: a) Pepeng Agimat; b) Pepeng Koryente; k) Vigilante; d) Iyo ang Batas, Akin ang Katarungan at e) Sa Dibdib ng Sierra Madre. Sa pangalawang kategorya maihananay ang: a) Geron Busabos; b) Florencio Dino; at k) Sa Kuko ng Agila. Ang pangatlong grupo naman ay binubuo ng: a) Sandakot na Bala; b) Kung Puno na ang Salop; k) Ako ang Huhusga; d) Lieutenant Corpus; e) Balweg; at g) Kumander Dante.

Sa kabila ng kanilang pagkakahanay sa iba't ibang grupo, ang 1,e; 2,k; at 3,d,e,g ay maituturing na isang kategoryang "pambansa", dahil sa tinatalakay rin nila ang mga problemang may kinalaman sa buong bansa at sa pakikipag-ugnay nito sa banyaga. Katunayan, masasabing bumubuo sila ng isang bagong antas sa kasaysayan ng pelikulang bakbakan.

Anuman ang kani-kanilang kategorya at partikular na istorya, makikita sa lahat ng mga pelikula ang implisitong tensyon sa pagitan ng mga institusyong panlipunan (na sa kabuuan ay tatag ng banyaga at katunayan sa wikang banyaga pa nga pinapalakad) at ng kulturang Pilipino bilang karaniwang pag-uugali at pakikipagtun-ghan ng mga tauhan. Kaugnay nito, mapupuna na sa pangkalahatang kapaligirang ginagalawan ng mga tauhan, hindi makikita ang dayuhan. Kung nariyan man sila, dekorasyon lamang at kaakibat lamang ng mga may kinalaman sa mga institusyong panlipunan o mga kontra-bida.

Ang tensyon sa pagitan ng mga institusyong panlipunan at ng kelinangang Pilipino ay lumilitaw kadalasan sa tunggalian ng bida at kontrabida. Ang una ay kumakatawan sa mga halagahin (values) ng kulturang katutubo, samantalang ang pangalawa ay may kaugnayan o umaabuso, kung hindi man kumakatawan, sa mga institusyong panlipunan mismo.

Upang maging mas malinaw ito, kailangan nating suriin ang kapaligirang ginagalawan ng mga tauhan, ang papel at bisa ng mga institusyong panlipunan sa kapaligirang ito, ang mga grupong panlipunang kumikilos sa bisa o kawalang-bisa ng mga naturang institusyon, at ang katangian at tunggalian ng bida at kontrabida sa loob ng kontradiksyon ng kulturang Pilipino at mga institusyon ng kabuang lipunan. Bago rito, dapat din nating ibuod muna ang isinasalaysay ng mga pelikula.

Ang mga Pelikula

Sa unang kategorya, dalawang pelikula ang supernatural: *Pepeng Agimat* at *Pepeng Koryente*. Ang una ay tungkol sa isang Pepe na binigyan ng isang anting-anting na sa huli'y binawi ng nagbigay, pagkatapos na gamitin ni Pepe para sa kapakanan ng kanyang mga kapuwa at kababayan. Ang pangalawang Pepe naman, sa turo ng kapuwa bilanggo na hindi na makalabas na kagaya niya, ay nakakuha ng dalawang "pangil ng kidlat" na siyang naging kasangkapan niya sa paghihiganti sa mga taong naging sanhi ng kanyang pagkapreso.

Mas reyalistiko ang *Vigilante*, kung saan isinasalaysay ang pagtugis ni Noel sa kumidnap at pumatay sa kanyang anak na si Letlet, gayong ipinagbili na niya ang ikinasuwesuwerteng lupa upang bayaran lamang ang ransom na nagkakahalagang dalawang milyong piso. Sa pelikulang *Iyo ang Batas*, *Akin ang Katarungan*, ipinaghiganti rin ni Dante ang pagkapatay ng kanyang ama, ina at kapatid na lalaki at pagkahalay sa kanyang kapatid na babae, bilang resulta ng pagnanasang makamkam ni Alkalde Silva ang maliit na lupain ng pamilya. Pinilit ni Dante na makamtan ang katarungan sa pamamagitan ng pagpatay kay Silva, sa kabila ng pangyayaring ito ang ama ng kanyang kasintahang si Rowena. May elementong "rebolusyonaryo" ang istorya, dahil sa tinulungan ni Ka Meding si Dante sa kanyang pakikipaglaban kay Silva at inakit pa nga siya na mamundok para sa Rebolusyon.

Ang dalawang Pelikulang *Geron Busabos* at *Florencio Dino* ay kapuwa naganap sa Maynila, ang una sa Quiapo at ang pangalawa sa Caloocan. Maralita man, ang kargador na si Geron ang siyang naging tagapagligtas ng mga manininda sa Quiapo sa mga extortionist, bagay na lalong nagpamahal kay Nena, ang anak ng G.I., sa kanya. Fi Florencio naman ay nasa protection racket at nasangkot din sa panghoholdap sa mga bangko, sa pamamahala ni Major Edmund, na siyang tagapagpagalaw sa hepe ng pulisya. Nagbarilan at namatay silang dalawa sa huli.

Kabilang sa pangatlong grupo, ang *Sandakot na Bala* ay tungkol sa isang naging kasapi ng isang gang dahil sa halos napatay niya ang kabit na pulis ng kanyang nanay. Kinuha siya ng kanyang ninong na isang "vice lord" sa Maynila. Sa huli'y pinatay niya ito, sapagkat nalaman niyang siya pala ang pumaslang sa kanyang tatay, na "kanegosyo" ng ninong. Sa gayon, mula sa kanyang gubat na dating pinaghuhulihan ng mga ibon, siya ay naging tunay na mamamatay-tao sa siyudad. Tungkol naman kay Gani, isang sarhento sa bayan ng San Buenavista, ang *Kung Puno* na ang *Salop*. Ipinagtanggol ni Gani ang maliliit laban kay Judge Valderama, mangan-gamkam ng lupa, manggagahasa ng dalaga at baluktot na opisyal ng gobyerno. Sa sikwel na Ako ang Huhusga, naabsuwelto si Judge Valderama na, sa unang yugto pa lamang, ay alam nating naging hukom sa Maynila. Ngayon ay importer at distribyutor pa siya ng drugs. Sa huli, nag-iisang tinugis ni Gani (na ngayo'y lieutenant na) ang buong gang ni Valderama at kanyang nilipol. Iniwan niya ang drugs para sa pulis (sa pamumuno ni "Major") at dinala niya si Valderama sa sementeryo at doon inilibing nang buhay sa isang "apartment".

Sa mga makabansang pelikulang bakbakan, ang *Sa Dibdib* ng

A Sierra Madre ay pangnayon o pamprobinsya, samantalang ang Sa Kuko ng Agila ay mas may kinalaman sa lunsod (sa Olongapo, bilang simbolo ng mga base militar ng mga Amerikano sa bansa). Ang una ay tumutukoy sa paghahalili ng bagong salinlahi sa dating heneryasyon ng Rebolusyon. Isinilang si Manuel sa isang kuweba (alalahanin si Bernardo Carpio) sa Sierra Madre bilang anak ni Sotero Aseron, ang Supremo (titulo ito ng mga pinuno ng Katipunan at mga kilusang mesyaniko). Dahil sa inakalang patay na ang Supremo, ipinadala si Manuel (Emmanuel? - Kristo) sa bayan, kung saan pinag-aral siya ng kanyang tiyuhin hanggang sa Maynila. Bumalik pagkatapos si Manuel sa kuweba, kung saan ay nabubuhay pa pala ang Supremo. Dahil sa di-pagkakaunawaan, napatay ito ng kanyang anak na, sa huli, ay sumigaw: "Ang naputol na panunungkulang ng aking ama ay ipinagpapatuloy!"

Kung kitang-kita ang bahid mesyaniko sa istoryang ito, tiyak nang nasa larangan ng tunay na pakikibakang pulitikal ang Sa Kuko ng Agila. Ikinukwento rito ang pagkamulat na pulitikal ng isang drayber bunga ng kanyang pagkakilala sa isang human rights activist at sa harap ng pagkagahasa ng kanyang ampon. Ang tatlong huling pelikula Lieutenant Corpus, Balweg at Kumander Dante -- ay kilalang-kilala bilang pagsasapinilakang-tabing ng mga talambuhay ng tatlong importanteng bayani ng nakaraang panahon ng pakikibakka.

Kapaligirang Ginagalawan ng Tao

Masasabing umiikot ang aksyon ng pelikulang bakbakan sa mga grupong panlipunan ng mag-anak o pamilya, barkada (kaibigan, Kumpare, kumare, atbp.), gang at bayan. Itong huli ang siyang pinakamalaking kabuuang panlipunan na makikita at madarama sa mga pelikula. Ang Maynila mismo na pupuntahan ni Gani sa Kapag Puno Na Ang Salop at Ako Ang Huhusga ay walang mukha kundi yaong sa mga planta, pasugalan at subdivision. Ang Maynila ay ang kanyang mga kilala, kaibigan at kaaway. Ang San Buenavista lamang ang siyang may tunay na anyo: simbahan, munisipyo, maliit na supermarket, sari-sari store, kapwa pulis, kamag-anak, kakilala. Sa Geron Busabos ang Maynila ay Quiapo, isang dating bayan sa labas (arrabal) ng Intramuros. Gayundin ang Caloocan ni Florencio Dino, isang dating bayan na naging lunsud-lunsuran.

Pati na ang Olongapo ng Sa Kuko ng Agila ay maliit lamang na lugar, bagamat maituturing ngang sagisag ng buong bansa dahil sa ang magkatunggali ay ang mga Pilipino at ang mga may kinalaman sa base militar ng banyaga. Ang ginagalawan din nina Pepeng Agimat at Pepeng Koryente ay mga bayan sa probinsya. Bayan din -- katunayan, komunidad -- ang nakaukit na reyalidad panlipunan para kay Balweg, kahit na sa panahong naging pang Kordilyera at pambansa ang kanyang pakikibaka. Hindi siya talaga mapakali sa kinabibilangan niyang bagong komunidad ng mga rebolusyonaryo na palipatlipat ng lugar. Ang kanyang bayan ay may kinatatayuan. Kung malawak man ito, nakatuon sa bayang Itneg. Kahit ang kuweba ng mga rebelde sa pelikulang Sa Dibdib ng Sierra Madre ay nag-aanyong bayan o komunidad na may kinalalagyan at pinuno.

Ang komunidad na may nagbubuklod na layunin (mabuti man o masama) ay isang bayan kung ito'y may teritoryong hiwalay, kagaya ng grupo ng Supremo sa yungib ng Sierra Madre. Subalit kung

A
iyan ay napapaloob sa isang tunay na bayan, matatawag na barkada iyan kapag hindi labag sa batas ang layunin. Kapag masama ang hangarin at nakapipinsala sa kapuwa at sa kabuuang bayan, ang barkada ay isang gang.

Maliliit ang barkada, lalo na ang barkada ng bida, bagamat ang nakararami sa bayan ay may simpatiya sa kanya. Ang barkada ni Erap sa Geron Busabos ay dalawa lamang -- si Digno, ang taga-Sampaloc na gustong maging mangingikil, at si Beto, ang ulilang batang inampon niya. Sa Kuko naman, ang barkada niya ay isang mangingisda, ang mga kasama nito at ang mga kapuwa niyang drayber. Mas malaki ang gang, lalo na kung titingnan ang inuubos patayin ng bida: halos walang hanggan ang dami at lahat handang magpakamatay para sa kontrabida.

Ang pinakamaliit na grupong panlipunan ay ang mag-anak o pamilya. Bagamat madalas sabihin na ang Pilipino ay makaangkan ("clanish"), hindi makikita ang angkan na gumagalaw at nakikiramay sa pelikulang bakbakan, liban na sa mga piging, lamay at libingan siguro. Ang kumikilos kasama ng bida ay kaibigan, barkada o kasintahan, hindi ang angkan, bagamat madalas mapakilos laban sa kasamaan ang bida dahil sa pagkaapi sa pamilya. Gayundin ang kontrabida: ang tanging maaasahan niya ay ang kanyang mga tauhan, ang kanyang gang. Wala ring makikitang angkan na makapalibot o makakabit sa kanya.

Ang mag-anak ang siyang pinakabuod ng pakikisangkot ng bida sa lipunan, sa kanyang pakikipag-ugnayang panlipunan. Halos lahat ng aksyon ng bida ay may sanhing pampamilya; pagkalipol ng mag-anak (liban sa kanya), pagkalapastangan sa ama o ina, pagkahalay sa kapatid na babae, atbp. Kumilos si Noel ng Vigilante dahil sa pagkapaslang sa kanyang anak na kinidnap at sa resulta nitong pagkaatake sa puso ng asawa niyang si Belinda. Paghihi-ganti rin dahil sa pinaslang na pamilya ang isinagawa ni Dante ng Iyo ang Batas, Akin ang Katarungan. Si Erap din ng Kuko ay nasangkot at napakilos sa pakikibaka laban sa mga base militar dahil sa pagkagahasa sa kanyang ampon, ang tanging pamilya niya. Naging miyembro rin ng kanyang tiyuhin ang bayani ng Sandakot dahil sa pagkasugat niya sa kabit na bumugbog sa kanyang ina at pinatay niya rin ang tiyuhin (at marami sa gang nito) nang malaman niyang ang tiyuhin pala niya ang nagpapatay sa kanyang ama.

Masasabing nakatuon ang buong pansin ng bida sa pagpapantiling buo ng kanyang pamilya, samantalang ang tanging inaatupag ng kontrabida ay mapaigi ang kanyang interes (komersyal, pulitikal o agrikultural) sa pamamagitan ng panlalamang sa kapuwa at paghawak ng kapangyarihan. Samakatwid, ang mga puwersang nagpapakilos sa bida at kontrabida ang siyang pinakasentro ng kanilang kapaligiran.

Ang mga institusyong sosyo-politikal na bumabalot sa mga tauhan ng pelikulang bakbakan ay halos walang kabuluhan para sa kanila. Ginagamit lamang ng kontrabida ang mga institusyon para sa kanyang kapakanan. Ginamit lang ni Silva ang kanyang pagkaalkalde upang mangamkam ng lupa at mang-api. Para sa kanya, ang batas ay nariyan upang mapakinabangan, maging kasangkapan sa pagpapalaganap ng kanyang interes. Ganoon din ang aktitud ni Judge Valderama: ang posisyon ay nariyan upang makalamang sa

A

kapuwa. Kapuna-puna na ang halos laging huling dumating sa pinangyarihan ng krimen ay ang mga pulis. Sila rin ang makikitang dumarating pagkatapos nang lipulin ng bida ang mga butangero.

Katunayan, parang background lamang ang mga institusyong sosyo-pulitikal sa tungalian ng bida at kontrabida bilang mga simbolo ng mga grupong sosyal. Kahit na sa mga pelikulang bakbakan na "rebolusyonaryo", hindi rin talaga lumilitaw ang mga institusyong sosyo-pulitikal (at pang-ekonomiko) na kinakalaban ng bida: nasa background lamang sila. At ito'y lalong totoo sa mga dayuhan, na halos hindi makita: ang koneksyong internasyonal (mulang Sabah raw) ng pag-angkat ng drugs ni Judge Valderama sa

Ako ang Huhusga; ang mga imperyalistang Kano (liban sa mga tau-tauhang rapist o nambubugbog)) sa Kuko; at iba pa. Mas wala silang kabuluhan kaysa sa mga institusyong sosyo-pulitikal para sa sentral na preokupasyon ng pelikulang bakbakan: ang pagpapakita sa mga halagahin ng kulturang Pilipino -- i.e., ang pagpapairal ng mga ito sa pamamagitan ng pakikipaglaban ng bida sa kontrabidang nagtatagaly ng lahat ng mga negatibong katangiang ikinamumuhi ng katutubong kalinangan. Hindi ikinababahala ang mga institusyong panlipunan at pampulitika, liban na kung sila'y dapat iwasan o kabakahin pa nga.

Papel at Bisa ng mga Institusyon

for spores intervention

Bagamat ang papel ng mga institusyon para sa mga tauhan ng pelikulang bakbakan ay parang pangbackground lamang o kaya kasangkapang magagamit para sa kapakanan ng indibidwal, ang bisa ng mga ideyang napapaloob sa kanila ay napakalakas at napakalalim. Sa Sierra Madre, matatag ang respeto ng mga rebolusyonaryo sa edukasyon hindi bilang sistema kundi bilang instrumentong magagamit sa pagpapalaya. Gayumpaman, nang ayaw masangkot ni Manuel sa aktibismo dahil sa gusto niya lamang mag-aral, sinikap ng partido na siya'y maibalik sa landas ng Rebolusyon. Katunayan, siya at ilan pang mga estudyante ay tinutustusan ng partido upang makapag-aral para mapalaya ang bayan. Tiwala rin sa importanteng papel ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagpapaunawa sa nararapat gawin ang lumilitaw sa mga miting sa Kuko ng Agila. Tatlong tauhan sa Katarungan ang estudyante: ang anak na babae ni Silva, ang bida mismong si Dante at ang dating kaklase nito sa hayskul na nag-aral ng agham pampulitika at naging kumander, si Ka Meding. Sa kabila ng respeto sa edukasyon, tila mahihinuha sa karamihan sa mga tauhan ang tiwala sa taal na kaalaman, sa katutubong dunong ng bawat isa. Katunayan, marami sa mga kontrabida ang may pinag-aralan; at marami rin sa mga bida ang walang pinag-aralan (bukod sa kanilang natutunan sa buhay mismo at sa pakikitungo sa kapuwa). Si Geron, si Flori Dino, si Erap sa Kuko ng Agila, ang dalawang Pepe -- lahat sila ay hindi nakatungtong nang matagal sa paaralan. May isang eksena sa Kuko, kung saan binabati si Erap ng kanyang ampon sa kanyan mabuting Ingles at siya'y ngumiti naman sa biro.

Wala ring gaanong makikita sa relihiyon bilang institusyon, subalit malalim ang mararamdamang pananampalataya ng mga tauhan. Natural lamang na sa Balweg ay malakas ang "dating" ng elementong panrelihiyon. Sa Huhusga, si Judge Valderama ay isang ipokritong

A
walang ibang ginawa kundi magbanggit mula sa Bibliya; subalit halata naman ng mga nanoncod na iyon ay hindi tunay na pananampalataya. Ang tunay na sampalataya ay makikita sa ibang mga tauhan: sa asawa ng kaibigan ni Gani sa Huhusga; sa nanay ng bida sa Sandakot; at iba pa. Katunayan, ang dalawang pelikula tungkol kay Pepe (na sa kamalayang bayan ng kasalukuyang may higit sa kuwarenta anyos ay kapatid ni Pilar) ay nasasalalay sa paniniwala sa daigdig ng kahiwagaan.

Malapit din sa kamalayang bayan ng pelikulang bakbakan ang sistemang pulitikal, laluna ang may kinalaman sa alkalde at sa pulis, sa kaayusan at katarungan. Hindi maganda ang pagtingin sa sistemang pulitikal at sa mga alagad nito. Nabanggit na sina Judge Valderama at Alkalde Silva. Dapat idagdag dito ang pulitika at politiko sa Kuko, na kapwa ay hindi lamang kaugnay ng mga puwersang banyaga kundi may kinalaman din sa krimen at sa kabulastugan ng mga gang. Binabalak ng politiko na gawing hepe ng pulisya ang pinakalider ng kanyang gang. Kahit na sa Huhusga, na isang "makapulis" na pelikula, may mga "anay" (masasamang pulis; bulok na alagad ng batas) sa pulisya mismo. Sa Florencio Dino, ang hepe ng pulisya mismo ay kontrolado ng utak ng isang gang na nanloloob ng bangko. Masama ang implikasyon ng sinabi ni Geron sa kanyang kaibigang pulis, ang sarhentong pinalayawang "Gent": "Noong bata pa ako, sarhento ka na, Gent; ngayon, kargador na ako, sarhento ka pa rin." Ibig sabihin, walang asenso kung mabait ang isang pulis. Kailangang mapasama ka sa agos ng institusyon.

Hindi maaasahan ang hustisya at sistemang pulitikal. Subalit malalim ang paniniwala ng taumbayan sa kaayusan at sa katarungan. Implisito sa buong uri mismo ng pelikulang bakbakan na ang hindi maisasaayos ng mga institusyon ay dapat maisaayos at maisasaayos ng bida, ang tanging tagapagtanggol ng nararapat at tunay na kaayusan. Katunayan, sa kaso ni Pepeng Koryente, naisasaayos ng bida kahit na ang katawan ng tao, upang maibalik sa kanya ang kalusugan. Si Pepeng Agimat naman ay ibinabalik ang katahimikan at kaayusan sa bayan. Hinggil sa hustisya, maaaring hawak nga ng isang taong masama ang buong istruktura ng paglilitis at batas, may mataas na uri naman ng katarungang puwedeng humusga. Kaya, iyo na ang batas, akin ang katarungan. Kapag napuno na ako (at ang salop!), ako mismo ang huhusga. Kahawig dito ang sinabi ng bida sa Vigilante: "Ano man ang batas ng tao, mayroon ding batas na nagpaparusa." Kaisipang malapit dito ang siyang nagbibigay-lakas sa "simulain" ng Supremo ng Sierra Madre, kaisipang pagkatapos ay ipagpapatuloy ng kanyang anak na si Manuel. Kay lapit, samakatuwid, ng nag-udyok kay Dante ng Katarungan na patayin si Alkalde Silva sa tumutulak kay Ka Meding na gampanan ang kanyang gawain tungo sa Rebolusyon. Kapuwa si Dante at si Ka Meding ay nakadarama ng damdaming makatarungan. Ang pagkakaiba lamang ay para sa sarili ang katarungan ni Dante, habang ang kay Ka Meding ay para sa buong lipunan, para sa lahat.

Hindi abot ni Dante ang tanaw ni Ka Meding, gaya ng hindi rin abot ni Manuel ang istriktong bisyon ng "simulain" ng kanyang amang Supremo. Gayumpaman, nasakyan ni Manuel pagkatapos ang pangangailangan ng Rebolusyon at ito'y kanyang isusulong, bagamat sa kanyang paraan. Kaya, hindi malayo ang agwat ng kaisipan ng

A
mag-ama; samantalang malayo talaga ang agwat ng kaisipan ng magkaibigang sina Dante at Meding.

Si Ka Meding, ang Supremo, si Manuel (at isama na natin sa kanila ang tunay na mga rebolusyonaryong sina Corpus, Balweg at Kumander Dante) ay may pagkaintindi ng kabuuang sistemang panlipunan at ng paraan kung papaano ito maaaring baguhin o pag-ibayuhin. Bagong sangkap ito ng kamalayan ng karaniwang pelikulang bakbakan hinggil sa mga institusyong sosyal. Hindi ito ang kalakaran at walang nakasisiguro kung maiintindihan ng karaniwang manonood. Kung baga, wala ito sa kolektibong kamalayan ng mga manonood ng pelikulang bakbakan.

Ang karaniwang pananaw ay karapatan (o dapat maging karapatan) ng bawat isa ang katarungan, sapagkat iyan ang tanging magwawasto at magpapapayapa sa kaapihan, sa tatanggap ng pang-aapi. Narito ang daigdig ng mga ideyang napapaloob sa paghahanap (at paghiling) ng katarungan. Ang katarungan ay indibidwal at hindi panlipunan. Kung lalampas man sa indibidwal, maitutuan o maiugat siguro sa grupong kinabibilangan ng indibidwal.

Mga Grupong Panlipunan

Walang indibidwal na hindi napapaloob sa isang grupo, ang bida man din. Ang kanyang pagkaapi, ang kanyang paghiling ng katarungan ay nasasalalay o nakaugat din sa kanyang pagiging kasapi ng isang grupo. Lahat ng tao ay kapuwa; subalit may ilang mas kapuwa kaysa sa isa: ang mga kasapi ng grupong kinabibilangan.

Ang grupong kinabibilangan ay walang kinalaman sa mga grupong propesyonal o sa mga yunit na kailangang pag-ugnay-ugnayin upang gumalaw ang lipunan. Makikita ang mga ito sa pelikulang bakbakan: magsasaka, manggagawa, mag-aaral, guro, doktor, mangangalakal, at iba pa. Nariyan silang lahat na parang background din, katulad ng mga institusyon; ngunit wala silang kabuluhan sa paggalaw ng mga pangyayari at sa pagkilos ng tao.

Ang makabuluhan ay ang damdamin at pakikitungo sa kapuwa. Batay rito ang grupong kinabibilangan, na kinagigisnan o sinasalihan. Dalawang uri ang kinagigisnang grupo; ang mag-anak at ang bayan. Walang magagawa riyan ang tao: ipinanganganak siya sa isang pamilya at sa isang bayan. Kapuwa ay may karapatan sa katapatan ng bawat nilalang, higit sa lahat ang pamilya.

Nabanggit na walang angkan sa pelikulang bakbakan. Kung mayroon man, ito'y hindi maihihiwalay sa pamilyang nukleyar. Kapuna-puna na walang malalaking mag-anak sa uring ito ng pelikula., Makikita ang naglalakihang pamilya sa mga drama, romansa at komedi. Dito sa pelikulang bakbakan, maliliit sila. Dalawa lang ang anak ni Judge Valderama. Iisa lang ang anak ni Alkalde Silva. Isa lang ang kapatid ni Dante. Tanging anak si Manuel. Mapapahaba ang listahang ito.

Ang bayan ang pinakahangganang pananaw at katapatang panlipunan sa pelikulang bakbakan. Kung hindi man ang pamilya ang ipinagtatanggol o ipinaghihiganti ng bida, ang bayan ang kan-

A

yang ipinagmamalasakit. Ang dayuhan ay ang sinumang tagalabas. Ang nangholdap ng bangko sa San Buenavista ay tagalabas (taga-Maynila pa nga!). Nagkaroon ng gang war sa Geron Busabos dahil sa panghihimasok ng taga-Sampaloc sa Quiapo na mayroon nang sariling mangingikil. Sa Pepeng Koryente, ang mga nanggugulo sa bayang napuntahan ng bida ay mga taga-labas. Ang buong istorya ng Florencio Dino ay naganap sa Caloocan. Kahit na ang pakikiba-ka laban sa mga base militar sa Kuko ng Agila ay gawain ng isang bayan lamang, ang Olongapo.

Sa pagitan ng pamilya at bayan nabubuo ang mga grupong sinasalihan: ang barkada at ang gang. Nabanggit na sa itaas ang esensyal tungkol sa dalawang ito. Ang maidaragdag ngayon ay kapuwa sila likha at batay sa damdamin at pakikitungo. Kapuwa sila may mga relasyon ng kompadrasko (pakikipagkumpare), pag-aasawa, at iba pa. Ang pagkakaiba lamang ay may pagkakapantay-pantay ang pagsasama sa barkada, samantalang laging may pinunong nakatataas, nakalalamang at nagmamando sa gang.

Kadalasan ang barkada ang grupo ng bida at ang gang naman ang grupo ng kontrabida. Gayumpaman, sa Florencio Dino at Sandakot na Bala, isang maliit na pinuno ng gang at isang miyembro lamang ang bida. Ang trahedya ng dalawa ay naipit sila sa pan-loob na dinamika ng gang.

Hindi lamang sa dalawang grupong ito ng barkada at gang nasasalalay ang tunggalian ng bida at kontrabida. Mas importante ang dalawa pang kategoryang panlipunan: ang maliliit na taong inaapi o pinagsasamantalahan at ang malalaking taong nang-aapi at mapagsamantala. Maliit na magsasakang pinagsamantalahan ni Alkalde Silva ang tatay ni Dante sa Katarungan. Maliliit na tao rin ang inapi ni Judge Valderama sa Kung Puno Na. Maliliit na tao rin (ang mga magsasaka at anak-pawis) ang ipinagtatanggol nina Kumander Dante, Balweg at Lieutenant Corpus laban sa mapagsamantalang uri. Sa Kuko ng Agila, ang buong bayang Pilipino (na ang mikrokosmo ay ang Olongapo) ang gaganap ng papel ng maliit na tao laban sa dambuhalang nagpapairal ng mga base militar.

Kadalasan, nasa maliliit na tao ang mga katangiang makatao ng Pilipino, at nasa malalaki't mapagsamantalang tao naman ang mga negatibong katangian ng Pilipino (at ng banyaga, sapagkat magkakaugnay kadalasan ang mga dayuhan at mga masasamang damong Pinoy!). Ang bida ang kumakatawan sa diwa, damdamin at hangarin ng mga maliliit na tao; ang kontrabida naman ang kumakatawan sa diwa, damdamin at hangarin ng malalaking tao.

Ang Bida at Kontrabida

Sa napagmamasdang reyalidad panlipunan, ang bida ang kumakatawan ng dapat, samantalang ang kontrabida ang sumasalamin ng nariyan at walang lubay na umiiral. Magkaiba ang kanilang pagkatao at paninindigan.

Nag-iisa kadalasan ang bida. Katunayan, hindi niya talaga kailangan ang iba, liban sa ilang mga kaibigan na pinipili niya o pumipili sa kanya. Ganito si Geron, kargador na maganda ang pakikitungo sa lahat sa pamilyan ng Quiapo. wala talagang kaibi-

gan kundi si Beto, isang batang pagkatapos ay naging ulila at inampon niya. Naging kaibigan niya rin si Digno, ang taga-Sampaloc, pagkatapos nang makitungo sa kanya ito nang matagal. Ang bida ng Sandakot ay ulila sa tatay at laging nag-iisang nangangaso sa gubat bago siya kunin ng kanyang tiyuhing gangster. Nag-iisa rin sa buhay si Erap sa Kuko ng Agila, isang inampong ulila ang kasama. Si Gani rin ng Kung Puno Na ay nag-iisa at kukupkupin niya si Buboy, batang nakakita sa pagpaslang sa buntis na si Cynthia at dahil dito'y naging ulila, matapos ispreyan ng armalite ang nanay at kapatid.

Ang ibang bida ay ulila pa nga. Kagaya, halimbawa, ng bida sa Sandakot, na pinaslang ang ama habang sila'y naglalaro. Si Erap ng Kuko man, hindi mo alam kung sino ang mga magulang.

Napatay rin ang ama't ina ni Pepeng Kuryente. Si Dante sa Katarungan ay nalipol ang buong pamilya. Si Geron mismo'y tila ulila rin, sapagkat bata pa siya, palaboy-laboy na sa Quiapo. Si Manuel ng Sierra Madre ay lumaki sa pag-aakalang siya'y wala ng ama.

Maganda ang trato ng bida sa mga bata, babae at inaapi. Kinaibigan ng bida sa Sandakot ang anak ng tiyuhin at ito naman parang naging ampon niya pagkatapos patayin niya ang ama. Nabanggit na ang ilang pag-aampon o pagkukupkop ng bida sa isang bata. Sa mga babae naman, halos mahinhin ang bida. Kulang na lang siyang ligawan pa. Genito si Erap sa Geron Busabos at sa Kuko ng Agila. Dito nga sa huli, pinagsabihan pa ni Nikki na "sobra naman ang baba ng pagtingin mo sa sarili o sobra ang taas ng pagtingin mo sa kin" Ang bida ng Sandakot ay siya pang nililigawan (at nakukuha!). Kung may asawa na, kagaya ni Gani ng Huhusga, tila masyadong mahinhin ang kanyang trato sa kabiyak. Hindi palikero ang bida, maliban kung siya'y gangster (kagaya ng sa Sandakot)

Mapagtanggol siya sa inaapi. Sa Kuko ng Agila, iniligtas ni Erap ang isang Kanong binugbog ng dalawang lasing na Pinoy. Sa Geron Busabos, tagapagligtas din siya sa mga inaaping market vendors. Lalong masigasig ang bida kapag ang inaapi ay babae, higit sa lahat kung ito'y binibiktima ng lalaki. Sa karamihan sa mga napanood na pelikulang bakbakan, may mga eksenang ganito. Katunayan, ang paghahalay ng isang babae ay isa sa mga kasalanang hindi mapapatawad ng bida (at ng kamalayang bayan siguro).

Ang pakikiisa sa inaapi at ang paglaban sa nang-aapi ay isa sa mga elemento ng paninindigan ng bida. Bahagi ito ng kanyang paniniwala sa katarungan na kadalasa'y humahantong sa indibidwal na paghihiganti, dahil sa kabagalan ng hustisya at sa pagiging manhid o bulok ng mga alagad nito. Ang paghihiganti (at paghuhusga) ay nagiging malupit, paminsan-minsan, gaya ng nabanggit na sa itaas. Katunayan, maaaring sabihin na isa itong pagmamalabis ng bida, sa kabila ng kanyang normal na pagkamahinahon. Subalit ito'y ginagawa lamang niya kapag "napuno na" siya. Hanggang doon, walang hanggan ang kanyang pasyensya -- katulad ng pasyensya ng bayang nanonood sa kanya.

Ang kontrabida naman ay hindi mapasensya. Siya ang tauhang laging pasigaw-sigaw at pasampal-sampal (ibig sabihin, hanggang

sa balimbangin siya ng bida -- sa huli). Siya rin ang pinakamada, paminsan-minsan sa wikang Ingles pa. Ito'y dahil sa bahagi siya ng naghaharing uri (alkalde, hukom, kapitan sa pulisya o sa militarya, pulitiko, komersyante sa drugs, etc.). Subalit, kung sa sagutan sa wikang Pilipino, talung-talo siya ng bida (tingnan ang sagutan nina Gani at Judge Valderama, nina Dante at Alkalde Silva, etc.).

Kung malalim ang pagsasama ng bida at ng maliliit na tao, malakas ang ugnayan ng kontrabida at ng kanyang gang, sa isang dako, at ng naghaharing uri at ng mga banyaga, sa kabilang dako. Sa mga party lang ng kontrabida mo makikita ang mga buhok-mais at singkit. Kailangan ng kontrabida ang ugnayang ito upang kanyang magamit ang mga institusyon sa kanyang masamang hangarin, kagaya ng pangangalakal sa drugs.

Di tulad ng bida, may pamilya ang kontrabida. Katunayan, hindi siya nangungulila, dahil sa inaaliw (o nagpapaaliw) siya sa isang kerida. Ang kerida ng kontrabida'y dapat pag-ukulan ng isang hiwalay na pag-aaral, laluna para sa mga peminista. Gayunpaman, madalas maging sanhi ng gang war ang kerida.

Maganda man ang pamilya ng kontrabida at lagi man siyang may kerida, may panahon pa rin siyang manlapastangan ng mga babae. Ganito si Judge Valderama at ang ilan pang mga kontrabida. Masasabing sobra ang libog ng kontrabida, na siyang kabaligtaran naman ng bida.

Walang panindigan ang kontrabida. Lahat -- tao, institusyon, relihiyon -- ay gagamitin niya, masunod lamang ang kanyang masamang hangarin. Pati na ang mga halagahin ng Pilipino ay kanyang ginagamit. Nagiging ninong din siya (sa mga kasapi ng gang). Inaalagaan niya ang katapatan ng kanyang mga tauhan. Ang naatasang pumatay sa bida ng Sandakot ay isang tatlung taon nang naninilbihan sa kanyang tiyuhin. Higit sa lahat, ang ginagamit ng kontrabida ay ang patronage. Sa Kuko ng Agila, ang pangako ng kontrabida sa kanyang alalay ay ibigay sa kanya ang puwesto ng chief of police pag sila'y nanalo sa eleksyon.

Bilang paglalagom, nakatayo ang kontrabida sa reyalidad ng ating lipunan. Marami siyang huwaran na nakaluklok sa matataas na posisyon. Siya ang kalakaran. Ang bida ang eksepsyon. Kinakatawan niya ang mga positibong halagahin ng kultura at lipunang Pilipino. Siya ang huwang larawan ng Pilipino para sa masa na pinaniniwalaan ng lahat -- sa pelikulang bakbakan man lamang.

Konklusyon

Sa kabila ng bugbugan at barilan, mahihinuha sa pelikulang bakbakan ang kontradiksyon ng mga institusyong "pambansa" at kanluranin sa lipunan at pulitika, sa isang dako, at ng mga halagahin ng kulturang Pilipino, sa kabilang dako. Hindi nakatagos sa bayang Pilipino ang mga institusyong ito. Ginagamit lamang sila ng mga kontrabida (at ng elite) upang matupad ang kanilang mga hangarin, pulitikal man ang mga ito o pang-ekonomiya. Ang mga taumbayan at karaniwang tao (at bida) ay

*Wala sa banyaga
sa pamamagitan
ng kontrabida
eg. Best Actor*

walang pakialam sa mga institusyong, hangga't hindi sila naapek-tuhan. Kung nangyayari ito at naaapi at napagsasamantalahan sila, tinatangap nila ang pangyayari, kung hindi na maiiwasan. Kadalasan, sumasama na lang sila sa agos at sumasali sa mga gawaing katulad ng tinutupad ng kontrabida. Subalit mayroon silang panindigan, na bumubukal sa kulturang Pilipino. Katulad ng pagkakaiba ng hustisyang iginagawad ng simpleng batas (na hawak ng mga may kapangyarihan) at ng katarungan na hangad at karapatan ng bawat isa. Katunayan, para sa ilang mga taumbayan, ang karapatan sa katarungan ay hindi lamang indibidwal kundi panlipunan pa nga.

✓ *hahagi* ✱ Isang trahedya ang bawat pagtanggap sa reyalidad. At ito'y nangyayari halos araw-araw sa buhay ng isang karaniwang tao. Sa kabutihang palad, nariyan pa ang mangilan-ngilang taong nagsusumikap na baguhin ang mga bagay. Sa kabutihang palad nariyan pa ang mga halagin ng kulturang Pilipino na buhay at ipinapatupad pa sa kamag-anakan, sa pagbabarkada, sa lebel ng maliliit na grupo, sa bayan. Sa kabutihang palad nariyan pa, higit sa lahat, ang pelikulang bakbakan, kung saan nakikita pang malinaw na inilalarawan ang tunggalian ng hindi matanggap-tanggap na reyalidad at ng huwaran ng dapat at nararapat maging pag-uugali at pagsasama-han ng Pilipino.

- ✱ Isang modernong tradisyong epiko ang pelikulang bakbakan, sa ganitong pananaw. May kaugnayan ang bida ng pelikulang bakbakan kina Bernardo Carpio, Lam-ang, at iba pang bayani ng mga awit-etnikong Pilipino. May kaugnayan din siya sa mga bayani ng parang sabil ng mga Muslim. ✱ Ekspresyon silang lahat ng diwang bayan at, samakatuwid, ang kanilang mga istorya'y naglalaman ng mga pinakamahalagang elemento ng kulturang bayan. Ito ang dahilan kung bakit popular ang pelikulang bakbakan, kasing popular ng mga epikong etniko sa mga pamayanang etnolingguwistiko ngayon at lahat ng mga Pilipino noon.

Pasno ang mga pelikulang Kumopya lamang sa mga pelikulang bayan
At iyan din ang dahilan kung bakit hindi sila gaanong nagugustuhan ng mga "intelektwal" at "edukadong Pilipino". Ang mga ito'y iba na ang utak -- at kultura. Ang malaking bahagi ng kanilang pagkatao ay Kanluranin na! Biktima sila ng proseso ng ekskulturasyon (pagpapahiwalay sa katutubong kultura) na nagawa (at ginagawa pa) ng ating sistema ng edukasyon. Ibig sabihin, ang kanilang mitolohiya ay iba na. Iba na ang mga batayan ng kanilang damdaming mitolohikal at pampanitikan. Naroon na sila sa dako ng kontrabida ng pelikulang bakbakan. Sa daigdig ng damdamin, diwa at kilos na kanluranin.

Hindi kataka-taka na sentral ang bakbakan sa uring ito ng sine. Natural lamang ito, kung iuugnay natin ang pelikulang bakbakan sa mga epiko at parang sabil. Ang mga uring pampanitikan ito ay punung-puno rin ng mga labanan. Pati ang mga sagutan at payabangan ng bida at kontrabida ay dapat ihambing sa kanilang katumbas sa dating mga awit at parang sabil. Bukod dito, kailangan talaga ang bugbugan sa pailalim na alitang napapaloob sa pelikulang bakbakan sa pagitan ng kulturang Pilipino at ng mga institusyong angkat mula sa banyaga. Kailangan din ang bakbakan sa pag-aaliw ng masa.

Á

Ang pelikulang bakbakan ay isa lamang na uri sa midyum ng sine. Kailangang pag-aralan din ang romansa, komedi at fantasi, kasama ng mga "seryosong" film nina Brocka at iba pa. Dapat isama ang pag-aaral ng mga komiks at mga istorya't nobela sa magasin, na kadalasan ay pinanggagalingan ng iskrip sa pelikulang bakbakan. Katunayan, dapat ituring ang pelikulang bakbakan at ang lahat ng uri ng sine na modernong panitikan ng Pilipino.

Ang kasaysayan ng ating panitikan ay nagsimula sa pinakikinggan at pinanonood: ang pinakasentral na uri sa kanila ay ang epiko. Ang modernong epikong pinanonood ay ang pelikulang bakbakan. Katulad ng dating epiko at kasalukuyang parang sabil, siya ay para sa masa at tinatangkilik ng masa.

PANINIWALA, PANANAMPALATAYA, AT PANININDIGAN
SA PELIKULANG BAKBAKAN

Prospero R. Covar, Ph.D.
Propesor ng Aghamtao
Unibersidad ng Pilipinas

Panimula

Ayon sa mga pamagat, ang mga pelikulang bakbakan ay mahahati sa tatlong klase: (1) talambuhay, (2) teritoryal, at (3) kawikaan. May tatlong uri ng talambuhay. Ang una ay may kinalaman sa pag-aalaga ng agimat; pangalawa ay ayon sa estado sa lipunan; at ang pangatlo ay ang paggamit ng tunay na pangalan at apelyido. Ang mga sumusunod na pelikula ay halimbawa ng bawat isang uri: **Pepeng Agimat; Geron Busabos; at Florencio Dino.**

Sa klaseng teritoryal naman, ang halimbawa ay ang pelikulang, **Sa Dibdib ng Sierra Madre.** Ang klaseng kawikaan ay mahahati sa dalawa: ang una ay may kinalaman sa talinghaga, at ang pangalawa ay paggamit ng salawikain. **Kapag Puno na ang Salop,** ang halimbawa ng una; **Iyo ang Batas, Akin ang Katarungan,** ang sa pangalawa.

Pag-aalaga ng Agimat

Sa dalawang pelikula na may kahawig na pamagat, si Ramon Revilla ang gumanap sa papel na **Pepeng Agimat at Pepeng Kuryente.** Ang agimat ni Pepe ay ipinagkaloob ni Mang Inggo, isang kapangyarihang nagkatawan-tao. Ang nasabing agimat ay parang batong maliit at maitim na ikinikwintas sa leeg. Ito'y may kapangyarihang lipulin ang mangkukulam at manananggal. Ang agimat ay ginagamit sa pagtatanggol laban sa masasamang espiritu, lamang lupa, aswang, atbp. Ito'y hindi ginagamit upang pagsamantalahan ang kapuwa manapay upang lipulin ang masasama. Sa pelikulang naturan, nilipol ni Pepeng Agimat ang mangkukulam, aswang at manananggal na nagdulot ng kaligaligan sa isang matahimik na bayan. Sa huli, binawi ni Mang Inggo ang agimat kay Pepe at ikwinintas ito sa kasama niyang bata sapagkat nagampanan na ni Pepe ang kaniyang dakilang tungkulin sa mga mamamayan. Si Mang Inggo at ang kasama niyang bata ay dahan-dahang lumayo hanggang sa maglaho.

Sa **Pepeng Kuryente,** si Ramon Revilla ay isang magsasaka, may asawa at dalawang anak na lalaki at babae. Labinglimang taon siyang nabilibid. Sa perisohan, nakaibigan niya si Mang Tito. Si Mang Tito ay nawalan na ng pag-asa na makalaya pa. Ipinagbi-lin niya kay Pepe na siya'y ipaghiganti. Tinuruan ni Mang Tito si Pepe kung papaano ito makapagkakamit ng agimat mula sa kidlat.

Sa paghahanap ni Pepe ng agimat, dinudukal niya ang punong kahoy na tinatamaan ng kidlat. Hindi siya nagkapalad. Natamaan ng kidlat ang isang baka, kinalkal niya ito subalit sawingpalad pa rin. Sa sementeryo siya naghanap ng agimat at sa pagkakataong

A
iyon ay kumidlat at kumulog. Tinamaan ng kidlat ang kampana ng simbahan. Bago pa magmisa kinabukaksan, nagtungo si Pepe sa kampanaryo at natagpuan niya ang dalawang "pangil ng kidlat" na nakabaon sa labi ng kampana. Napaso si Pepe sa kaniyang unang pagtatangka datapwat nagtagumpay din. Sa gitna ng bukid, ang pangil ng kidlat ay kinargahan. Tinawag si Kidlat, si Kulog, at Inang Kidlat upang gisingin ang agimat. Nabulagta si Pepe sa lakas ng kuryente, pati na ang kaniyang maybahay at alalay ay nakuryente.

Sinubukan ni Pepe ang kuryenteng agimat. Siya'y nakapag-pailaw ng bombilya, nakababaluktot ng bakal, nakapagpapakulo ng tubig, at nakakakuryente ng ibang tao.

Naalaala niya si Mang Tito. Hinanap niya si Mang Doro na siyang may kagagawan sa pagkabilanggo nito. Baldado na si Mang Doro. Hindi maatim ni Pepe na patayin ito bilang paghihiganti ni Mang Tito ayon sa kaniyang tagubilin. Aalis na si Pepe subalit sa di sinasadya, nahawakan niya ang wheelchair ni Mang Doro. Ito'y napaigtad sa pagkakuryente at sa kabutihang palad ay gumaling sa dinadalang karamdaman. Si Pepe ay umalis na lito. Ang tao na sana ay kaniyang paghihigantihan, sa di sinasadya'y kaniyang napagaling.

Ang nasabing pangyayari ay kumalat sa iba pang may sakit. Isang truck na puno ng may sakit ang idinating ni Mang Doro sa pamamahay ni Pepe. Batay sa una niyang karanasan, si Pepe ay nanggamot ayon sa pamamagitan ng kuryente. Rayuma, paglaki ng tiyan, bali sa pagkahulog sa mangga, pipe, etc. ay napapagaling niya. Nakarating ito kay Dr. Lazaro na nagdimanda ng illegal practice. Pinagbawalan siya ng huwes sa panggagamot sapagkat ito'y labag sa batas, subalit ang huwes mismo ay nagpagamot sa kaniya, pati na ang sekretarya nito na baog. Nawala ang rayuma ng huwes at ang baog na sekretarya, di naglaon ay nagdalang-tao.

Nangibang-bayan si Pepe para maiwasan ang gulo. Subalit si Richard Jimenez na siyang pumatay sa ama at ina ni Pepe ay bumalik galing America. Hindi niya naiwasang maghihiganti. Si Dennis na taga-ibang baryo ay may gustong halayin na dalaga. Naitaboy ang barkada ni Dennis ngunit bumalik kaagad ito sa baryo. Nasugatan si Pepe sa barilan. Muntik na siyang mamatay. Ginising niyang muli si kidlat at si kulog, inutusan sa papawirin. Siya'y nakargahan ng kuryente at gumaling ang kaniyang sugat. Hinanap niya si Dennis sa Samal. Bataan hanggang si Dennis ay makuryente sa tubig na kaniyang tinatakas. Muling nanumbalik ang katahimikan sa barangay Hulayan.

Estado sa Lipunan

Si Joseph "Erap" Estrada naman ang gumanap sa papel na Geron Busabos. Isa siyang kargador sa Quiapo. Hindi siya nakapag-aral. Handa siyang tumulong sa naagrabyado.

Sa Quiapo ay maraming batang lansangan. Isa na rito si Beto. Ang lolo ni Beto ay isang matador. Doon sa matadero siya nakakukuha ng ikinabubuhay araw-araw. Napag-initan si Beto ng kasamahang matador. Nakasagutan nito ang kaniyang lolo na human-

A
tong sa pagkamatay ng lolo. Dumating si Geron, binuntal ang mataderong nakapatay sa matanda ngunit huli na ang lahat. Dahilan sa walang matitirhan si Beto, si Geron ang naging buddy ng bata.

Laganap sa Quiapo ang tong collection. Sindikato ang nagpapatatibong rito. Kainan, gulayan, karnihan, atbp. Lahat ng ito'y mabigat-sa-loob na nangagbibigay. Si Digno ay batang Sampaloc. Ninais niyang makapasok sa Quiapo gang upang makaparte sa tong. Siya'y di tinanggap, nakatikim pa siya ng buntal. Kumabit siya kay Geron at siya nama'y pinagbigyan. Ginamit ni Digno ang pangalan ni Geron sa pangungulekta. Lumiit ang collection ng Quiapo gang lalo na nga't pumarte pa si Murillo na tauhan ni Logan. Si Geron ay nasangkot sa gulo sa kagagawan ni Digno. Pansamantalang umalis si Digno. Muling nagbalik at humingi ng tawad kay Geron. Pinagbigyan muli ni Geron si Digno.

Nalaman ni Digno na si Geron ay may pagtingin kay Nena. Si Nena na sampaguita vendor sa Quiapo ay anak ng G.I. at isang labandera. Noong una, si Geron ang tumulong kay Nena na mabawi ang kaniyang dinukot na wallet mula sa isang pickpocket. Isinet-up ni Digno si Geron na kunway ibig ni Nena na makipagkita kay Geron sa itaas ng tulay. Sa unang pagkakataon nagka-girlfriend si Geron ng isang "white leghorn". Nalaman ng ina ni Nena na si Geron ang kaniyang boyfriend. Pinangarap ng ina ni Nena na siya'y makapag-asawa ng mayaman kahit na matandang biyudong si Mr. Lopez, at hindi si Geron na isang kargador na busabos.

Nagkagulo sa Quiapo. Barilang umaatikabo. Tinangka ni Murillo na halayin si Nena. Gusto ng Quiapo gang na iligpit si Murillo. Si Digno ay nanghold-up, nagpasarap, at ibinili si Geron ng polo shirt na ikinagalit ni Geron at naging sanhi ng kanilang paghihiwalay. Tumakbo si Digno sa Quiapo gang. Ang Quiapo gang ay kumilos, katulong ang iba pang gang sa Maynila. Pinatay ni Bina si Murillo. Si Geron ang palalabasing pumaslang dito dala ng motibo ng kanilang alitan ang tangkang paghalay ni Murillo kay Nena na siyang girlfriend ni Geron. Inutusan si Digno ng Quiapo gang na saksakin si Geron. Nanaig ang kaniyang katapatan. Sinigawan niya si Geron sa pangambang magaganap. Pinatay si Digno ng gang. Tinugis si Geron sa underpass ng Quiapo. Maraming namatay sa gang. Dumating ang pulis. Dumating si Beto at si Nena. Si Geron Busabos ay dinala sa ospital, kasama si Nena. Sumingit si Beto sa police car.

"Ito ang Quiapo. Ito ang kasaysayan ng masama at mabuti. Ito ang kasaysayan ni Geron Busabos."

